Tagalog

# Faith: A Bond of Trust and Loyalty

By Elder Sandino Roman
*Of the Seventy*

# Pananampalataya: Isang Buklod ng Pagtitiwala at Katapatan

Ni Elder Sandino Roman
*Ng Pitumpu*

April 2025 general conference

---

*Faith sprouts as we trust in Jesus Christ and blooms as we are faithful and loyal to Him.*

*Ang pananampalataya ay umuusbong kapag nagtitiwala tayo kay Jesucristo at namumukadkad kapag tunay at tapat tayo sa Kanya.*

When I was 17, I made an agreement with my friend José Luis to teach him how to swim. So one morning we dedicated time to practice. When our lesson was over and I was leaving the pool, I heard my friend shouting for help. He was drowning in the deep end of the pool.

Noong 17 taong gulang ako, nakipagkasundo ako sa kaibigan kong si José Luis na tuturuan ko siyang lumangoy. Kaya isang umaga, naglaan kami ng oras para magpraktis. Nang matapos ang lesson namin at paahon na ako sa pool, narinig ko ang sigaw ng kaibigan ko na humihingi ng tulong. Nalulunod siya sa malalim na bahagi ng pool.

I threw myself into the water and swam toward him while praying for help. As I grabbed his hand to pull him to the surface, my desperate friend climbed onto my back and put me in a choke hold. Now we were both drowning. Trying my best to reach the surface, I prayed with all my might for a miracle from God. Then, slowly but steadily, the power of God was manifest as I felt a hand propelling me toward the shallow end of the pool, bringing us to safety.

Tumalon ako sa tubig at lumangoy papunta sa kanya habang nagdarasal na tulungan ako. Nang mahawakan ko ang kamay niya para maiangat siya sa tubig, pumasan sa likod ko ang desperado kong kaibigan at kumapit na sakal-sakal ako. Pareho na kami ngayong nalulunod. Pilit kong sinikap na makaahon, at taos-puso akong nanalangin na maghimala ang Diyos. Pagkatapos, unti-unti pero tuluy-tuloy, ang kapangyarihan ng Diyos ay naipakita nang madama ko ang isang kamay na tumutulak sa akin papunta sa mababaw na bahagi ng pool, na nagdala sa amin sa kaligtasan.

This experience confirmed a profound lesson President Russell M. Nelson once taught: “When you reach up for the Lord’s power in your life with the same intensity that a drowning person has when grasping and gasping for air, power from Jesus Christ will be yours.”

Pinagtibay ng karanasang ito ang isang malalim na aral na minsan nang itinuro ni Pangulong Russell M.Nelson: “Kung huhugot kayo ng lakas sa Panginoon sa inyong buhay na kasingtindi ng isang taong nalulunod na nagpupumilit at nangangapos ang hininga, sasainyo ang lakas mula kay Jesucristo.”

Dear children and young people, today I want to talk to you about the essential principle of faith in Jesus Christ.

Mahal kong mga bata at kabataan, nais kong kausapin kayo ngayon tungkol sa mahalagang alituntunin ng pananampalataya kay Jesucristo.

## Faith in Christ Means Trusting Him

## Ang Ibig Sabihin ng Pananampalataya

kay Cristo ay Pagtitiwala sa Kanya

What does it mean to have faith in Christ? Does it mean webelieve in Himor have a testimony that He is real? That may be a start, but it's more than that. Have you ever thought of faith astrust?Think of the person you trust the most—perhaps a family member or a friend. Why do you trust them? It is probably because you have seen their constantloveandhelp.

Ano ang ibig sabihin ng manampalataya kay Cristo? Ibig bang sabihin nito na tayo'ynaniniwala sa Kanyao may patotoo na Siya ay totoo? Maaaring iyan ang simula, pero higit pa ito riyan. Minsan ba'y naisip na ninyo ang pananampalataya bilang isangpagtitiwala?Isipin ang taong pinagkakatiwalaan ninyo nang higit sa lahat—maaaring isang kapamilya o kaibigan. Bakit kayo nagtitiwala sa kanila? Marahil, dahil nakita ninyo ang kanilang patuloy napagmamahalatpagtulong.

When we have faith in Christ, we recognize His blessings and develop a relationship of trust with Him.

Kapag may pananampalataya tayo kay Cristo, nakikilala natin ang Kanyang mga pagpapala at bumubuo tayo ng relasyon na may pagtitiwala sa Kanya.

In a recent youth devotional, you were invited to meditate on a time in your life when you received a ray of heavenly light.Try this exercise!

Kamakailan lamang sa isang debosyonal para sa mga kabataan, inanyayahan kayong pagnilayan ang isang pagkakataon sa buhay ninyo kung kailan nakatanggap kayo ng isang sinag ng liwanag mula sa langit.Subukan ninyo ito!

Start by meditating about Christ and the happiness His Atonement and gospel bring to your life. Also, make a record of the "spiritually defining memories"where God has been there for you, for your loved ones, and for the people in the scriptures. Now, these testimonies will not bring power to your life until the Spirit etches them in the "fleshy tables" of your heart.So ponder and record all God set in motion for these miracles to come at just the right time.

Magsimula sa pagninilay tungkol kay Cristo at sa kaligayahang hatid ng Kanyang Pagbabayad-sala at ng ebanghelyo sa inyong buhay. Gumawa rin ng talaan ng "mga alaalang espirituwal na nagpapatibay"kung saan naroon ang Diyos para sa inyo, para sa inyong mga mahal sa buhay, at para sa mga tao sa mga banal na kasulatan. Ngayon, ang mga patotoong ito ay hindi maghahatid ng kapangyarihan sa inyong buhay hangga't hindi ito nauukit ng Espiritu sa "mga tapyas" ng inyong puso.Kaya nga, pagnilayan at itala ang lahat ng paghahandang isinasagawa ng Diyos para sa pagsapit ng mga himalang ito sa tamang panahon.

Next, use this exercise as an opportunity to get closer to God. Pray to your Heavenly Father as if it were the first time. Express your love and gratitude for His blessings.Even ask Him how He feels about you and about the direction your life is taking.

Pagkatapos, gamitin itong oportunidad para mas mapalapit pa sa Diyos. Manalangin sa inyong Ama sa Langit na tila ba ito ang unang pagkakataon. Ipahayag ang inyong pagmamahal at pasasalamat sa Kanyang mga pagpapala. Tanungin din Siya kung ano ang nadarama Niya para sa inyo at sa direksyong tinatahak ng inyong buhay.

If you are sincere and humble, you will hear His answer and begin a personal and lasting relationship with Heavenly Father and Jesus Christ. Not only that, but your religious habits will become meaningful! For instance, you will look forward to your prayers, personal study, and temple worship as opportunities to get to know Them and be with Them.

Kung kayo ay tapat at mapagpakumbaba, maririnig ninyo ang Kanyang sagot at magsisimula kayong magkaroon ng personal at matatag na relasyon sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Hindi lamang iyan, magiging makabuluhan ang inyong mga gawi na may kinalaman sa relihiyon! Halimbawa, kasasabikan ninyo ang inyong mga panalangin, personal na pag-aaral, at pagsamba sa templo dahil iyon ay mga pagkakataon para

makilala at makasama Sila.

## Faith Flourishes with Loyalty

Notice that faith sprouts as we trust in Jesus Christ and blooms as we are faithful and loyal to Him. If you want a true relationship with Christ, show Him by making covenants and honoring them with faithfulness and loyalty. Making covenants with Jesus Christ builds hope. Honoring them builds faith.

## Lumalakas ang Pananampalataya Dahil sa Katapatan

Mapapansin natin na umuusbong ang pananampalataya kapag nagtitiwala tayo kay Jesucristo at namumukadkad iyon kapag tunay at tapat tayo sa Kanya. Kung nais ninyong magkaroon ng tunay na relasyon kay Cristo, ipakita sa Kanya sa pamamagitan ng pakikipagtipan at pagtupad sa mga ito nang buong katapatan. Ang pakikipagtipan kay Jesucristo ay nagbibigay ng pag-asa. Ang pagtupad sa mga ito ay nagpapalakas ng pananampalataya.

Let me use a personal example: When I was a child, I found my mother crying alone one day. When I asked her why, she gently said, "I need you to be a good boy." Even though I knew that I was not the cause of her distress, I loved and trusted my mother like no one else and wanted to make her life less difficult. So, with tears in my eyes and with all the solemnity that a nine-year-old can have, I promised her that day I would always strive to be the best son and make her proud.

Magbibigay ako ng isang personal na halimbawa: Isang araw, noong bata pa ako, nakita kong mag-isang umiiyak ang nanay ko. Nang tanungin ko siya kung bakit, malumanay niyang sinabi, "Ang gusto ko, maging mabait kang bata." Kahit alam kong hindi ako ang dahilan ng kanyang pagkabalisa, higit kaninuman, mahal ko ang aking ina at nagtitiwala ako sa kanya at gusto kong gawing mas magaan ang kanyang buhay. Kaya nga, nang may luha sa aking mga mata at nang may buong kataimtiman na maaaring ipadama ng isang siyam na taong gulang na bata, ipinangako ko sa kanya noong araw na iyon na lagi akong magsisikap na maging pinakamabuting anak at ipagmamalaki niya ako.

Can you imagine the power that promise had—and still has—on me?

Naiisip ba ninyo ang taglay na puwersa ng pangakong iyon noon—at maging hanggang ngayon—sa akin?

That promise with her would guide my life. Before making decisions, I would consider whether my actions would please her. The bond of this promise and the relationship with my mother were the anchors for my conduct throughout my life.

Ang pangako kong iyon sa kanya ang gumagabay sa aking buhay. Bago gumawa ng mga desisyon, iniisip ko kung matutuwa ba siya sa mga gagawin ko. Ang buklod ng pangakong ito at relasyon ko sa aking ina ang naging sandigan ng aking pag-uugali sa buong buhay ko.

Years later, as I came to know Jesus Christ better, I already knew how to base my faith in Him. I made covenants with the Lord, and as I have sought to honor them, He has forgiven my sins, guided my life, and "filled me with his love" to the very core of my being.Christ has instilled in me a deep love, respect, and loyalty for Him.

Sa paglipas ng mga taon, habang lalo kong nakikilala si Jesucristo, natutuhan ko kung paano isandig ang aking pananampalataya sa Kanya. Nakipagtipan ako sa Panginoon, at kapag sinisikap kong tuparin ang mga ito, pinatatawad Niya ang aking mga kasalanan, ginagabayan ang aking buhay, at "pinu[pu]spos ako ng kanyang pag-ibig" hanggang sa kaibuturan ng aking pagkatao.Nag-ukit si Cristo sa aking puso ng malalim na pagmamahal, paggalang, at katapatan sa Kanya.

Do you understand why "faith is a principle of action"and that "without faith it is impossible to please [God]"?

Nauunawaan ba ninyo kung bakit "ang pananampalataya ay isang alituntunin ng pagkilos"at na "kung walang pananampalataya ay hindi

As you try to do what pleases Him,you will say, like Joseph in Egypt when he was tempted by Potiphar's wife, "How then can I do this great wickedness, and sin against God?"And when faced with opposition, you will say, like the young Prophet Joseph, "I knew it, and I knew that God knew it, and I could not deny it; … I knew that by so doing I would offend God."

maaaring kalugdan ng Diyos"?

Sa pagsisikap ninyong kalugdan Niya,sasabihin din ninyo ang sinabi ni Jose sa Egipto noong tinukso siya ng asawa ni Potifar, "Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Diyos?"At kapag naharap sa pag-uusig, sasabihin din ninyo ang sinabi ng noon ay bata pang si Propetang Joseph: "Ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila; … nalalaman ko na kung ito'y aking gagawin ay magkakasala ako sa Diyos."

So faith in Jesus Christ is a bond of trust forged in loyaltyand love. In other words, in gratitude for God's merciful love (hesed), we show our loyal love (emunah) by keeping His commandments.

Kaya nga, ang manampalataya kay Jesucristo ay isang buklod ng pagtitiwala na hinubog sa katapatanat pagmamahal. Sa madaling salita, bilang pasasalamat sa pag-ibig ng Diyos na puno ng awa (hesed), ipinapakita natin ang ating tapat na pagmamahal (emunah) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Christ promises, "He that hath my commandments, and keepeth them … shall be loved of my Father, and I will love him, and will manifest myself to him."If you commit to being loyal to Him, He will manifest His love for you.

Ipinapangako ni Cristo, "Siyang mayroon ng aking mga utos at tinutupad ang mga iyon … ay mamahalin ng aking Ama, at siya'y mamahalin ko, at ihahayag ko ang aking sarili sa kanya."Kung mangangako kayo na magiging tapat sa Kanya, ipadarama Niya ang Kanyang pagmamahal sa inyo.

## Faith in the Face of Adversity

## Pananampalataya sa Harap ng Paghihirap

But how should you respond to such adverse situations that require His miracles? While challenges are inevitable and sometimes frightening, simply walk undauntedtoward Him, just as the 2025 FSY conference theme invites: "Look unto me in every thought; doubt not, fear not."

Ngunit paano kayo dapat tumugon sa mga napakasamang sitwasyon na nangangailangan ng Kanyang mga himala? Bagama't ang mga hamon ay sadyang hindi maiiwasan at nagdudulot ng pangamba kung minsan, lakasan lamang ang loob at walang takot na humakbangpalapit sa Kanya, gaya ng paanyaya sa tema ng kumperensiya ng FSY 2025: "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot."

Imagine that you are an explorer in uncharted territory. To overcome the obstacles ahead, you need a source of light. Your faithfulness to God and your constant interactions with Him are the fuel for your lantern. So when you encounter dark and perilous situations, instead of walking toward them blindly, you will turn on your lamp filled with the oil of faith in Christ to shed glimmers of hope on the uncertain path.Your past experiences will increase your hope that the Lord will sustain you on your journey.

Isipin ninyo na kunwari nasa isang teritoryo kayo na hindi pa nagagalugad. Para mapagtagumpayan ang mga hadlang na kakaharapin, kailangan ninyo ng mapagkukunan ng liwanag. Ang inyong katapatan sa Diyos at ang patuloy na pakikipag-ugnayan ninyo sa Kanya ang magpapaningas sa inyong lampara. Kaya kapag naharap kayo sa madilim at mapanganib na mga sitwasyon, sa halip na lakarin ang daan nang walang nakikita, bubuksan ninyo ang inyong lampara na puno ng langis ng pananampalataya kay Cristo upang magbigay ng mga kislap ng pag-asa sa landas na walang katiyakan.Ang mga

Remember my story at the pool? In that moment of despair, the miracle came in the way I had expected, but God does not guarantee that it will always be according to our will. Our faith must be centered in Christ and our hope in His blessings, as He chooses to send them. "Expect miracles,"but "let God prevail in our lives."

naging karanasan ninyo sa nakaraan ang magbibigay sa inyo ng higit na pag-asa na tutulungan kayo ng Panginoon sa inyong paglalakbay.

Natatandaan ba ninyo ang kuwento ko sa nangyari sa pool? Sa sandaling iyon ng kawalan ng pag-asa, ang himala ay dumating sa paraang inasam ko, pero hindi ginagarantiyahan ng Diyos na palaging maaayon ito sa ating nais. Ang ating pananampalataya ay kailangang nakasentro kay Cristo at sa ating pag-asa sa Kanyang mga pagpapala, na minamarapat Niyang ipagkaloob. "Asahang mangyayari ang mga himala,"ngunit "hayaang manaig ang Diyos sa ating buhay."

## God's Promises to His Faithful People

My young friends, how much we love and trust you! Youbelongto the family of God and are children of the covenant.Believeand trust in Jesus Christ. He will enable you to trulybecomeHis disciples.

I invite you to begin today to nurture your relationship with Jesus Christ.Make a commitment to never forsake Him.

Your loyalty, love, and trust in Christ will shape your character and identityafter His. You will gain confidence and strength to overcome Satan's attacks.And when you make mistakes, you will yearn for His forgiveness.Finally, your hope for the future will be bright.He will trust you with His power to accomplish anything He expects of you,even the power to return to His presence.

I testify to you of the joy that comes from singing "the song of redeeming love"and being "encircled about eternally in the arms of his love."In the sacred name of Jesus Christ, amen.

## Ang mga Pangako ng Diyos sa Kanyang Matatapat na Tao

Mga kaibigan kong kabataan, minamahal at pinagkakatiwalaan namin kayo! Kayo aykabilangsa pamilya ng Diyos at mga anak sa tipan. Maniwalaat magtiwala kay Jesucristo. Bibigyan Niya kayo ng kakayahangmagingtunay na mga disipulo Niya.

Inaanyayahan ko kayo na simulang alagaan ngayon ang inyong relasyon kay Jesucristo.Mangako kayo na hindi Siya tatalikuran kailanman.

Ang inyong katapatan, pagmamahal, at pagtitiwala kay Cristo ang huhubog sa inyong pag-uugali at pagkataona gaya sa Kanya. Magkakaroon kayo ng kumpiyansa at lakas na madaig ang mga pag-atake ni Satanas.At kapag nagkakamali kayo, hahangarin ninyo ang Kanyang kapatawaran.Sa huli, magliliwanag ang pag-asa ninyo sa kinabukasan.Ipagkakatiwala Niya sa inyo ang Kanyang kapangyarihan upang maisakatuparan ang anumang inaasahan Niya sa inyo,maging ang kakayahang makabalik sa Kanyang piling.

Pinatototohanan ko sa inyo ang kagalakang dulot ng pagkanta ng "awit ng mapagtubos na pag-ibig"at ng "[mayakap] magpakailanman sa mga bisig ng kanyang pagmamahal."Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.